

Maghanda!

Antabayanan ang higit pang impormasyon tungkol sa Individual ProviderOne na nakalakip sa iyong SSPS invoice bawat buwan.

Ibalik ang mga form na matatanggap mo sa iyong welcome packet sa taglagas ng 2015.

Kumpletuhin ang pagsasanay upang malaman kung paano gagamitin ang Individual ProviderOne:

1. Online
2. Naka-print
3. Personal (sa karamihan ng mga lugar)

May Mga Tanong?

Email: IPcommunications@hca.wa.gov

Website: www.IPOne.org

Malapit Na

Maaari kang tumawag upang makipag-usap sa isang tao sa call center ng Individual ProviderOne. Magiging available ang call center ng 60 araw bago mo simulang gamitin ang sistema.



Nakipagkontrata ang Estado ng Washington sa Public Consulting Group, Public Partnerships LLC (PPL) upang magbigay ng mga sumusunod na serbisyo at suporta upang patakbuhin ang sistema ng Individual ProviderOne:

- Lokal, bilingguwal na kawani ng call center na makakatulong sa iyo sa mga tanong mo sa pagbabayad.
- Isang Operations Center na magpoproseso sa iyong mga timesheet, magpapadala ng mga paycheck, at magpapadala ng mga W2 sa koreo.

Ang natutunan mo sa 2015 ay maaaring gawing mas madali ang paglipat sa 2016.



Ang Paraan ng Pagbabayad sa Iyo ay Magbabago:

Ipinakikilala ang Individual ProviderOne



Transforming lives

**Individual
Provider**



Malapit na...

- Papalitan ng **Individual ProviderOne** ang Social Service Payment System (SSPS) na kasalukuyan mong ginagamit
- Magsisimula kang gamitin ang **Individual ProviderOne** sa unang bahagi ng 2016

Magagawa mong...

- Magsumite ng mga timesheet nang online gamit ang isang
 - Computer
 - Tablet
 - Smartphone
- Magsumite ng mga timesheet sa fax
- Magsumite ng mga timesheet sa pamamagitan ng koreo*
- Makatanggap ng pagbabayad sa pamamagitan ng direct deposit, debit card o papel na tseke

Hindi ka na:

- Makakakuha ng buwan-buwang invoice
- Makakatawag para sa iyong mga oras

***Ang pagpapadala ng papel na timesheet sa koreo ay maaaring makaantala sa pagbabayad. Kung hindi ka makakapagsumite ng mga timesheet sa online, maghanap ng malapit na fax machine ngayon!**

Ang impormasyon na ito ay para sa mga tagabigay ng serbisyo (providers) na kinakatawan ng SEIU Healthcare 775NW.

Paano babaguhin ng Individual ProviderOne ang paraan ng pagbabayad sa iyo?

Kasalukuyan kang nakakatanggap ng isang buwang sahod sa isang pagbabayad. Sa unang bahagi ng 2016, makakatanggap ka ng dalawang pagbabayad sa isang buwan—**kalahati ng isang buwang sahod sa isang pagbabayad at ang isa pang kalahati sa pangalawang pagbabayad.**

Narito ang isang halimbawa:

Kasalukuyan kang binabayaran nang *isang beses sa isang buwan*

Pagkilos	Kailan?
Matatanggap mo ang iyong invoice para sa Enero.	Enero 24
Iuulat mo ang mga oras para sa Enero.	Enero 31
Ipapadala ng sistema ng SSPS ang bayad sa koreo o ipapadala ito sa direct deposit.	Pebrero 1 (o sa susunod na araw ng negosyo)

Babayaran ka nang dalawang beses sa isang buwan * sa pamamagitan ng Individual ProviderOne

Pagkilos	Kailan?
Mag-uulat ka ng mga oras para sa Enero 1-15.	Enero 16
Ipapadala ng Individual ProviderOne ang bayad sa koreo o ipapadala ito sa direct deposit o debit card <i>para sa mga oras sa Enero 1-15.</i>	Pebrero 1
Iuulat mo ang mga oras para sa Enero 16-31.	Pebrero 1
Ipapadala ng Individual ProviderOne ang bayad sa koreo o ipapadala ito sa direct deposit o debit card <i>para sa mga oras ng Enero 16-31.</i>	Pebrero 16 (o sa susunod na araw ng negosyo)

*Kung matatanggap ang iyong timesheet pagkatapos ng takdang petsa, maaaring maantala ang iyong paycheck ng mahigit sa dalawang linggo.